

Kapanapanabik na balita para sa mga residente ng California!

Noong Enero 26, 2026, inilunsad ng California Public Utilities Commission (CPUC, Komisyon ng California sa mga Pamublikong Utilidad) ang tatlong taon na Home Broadband Pilot ng California LifeLine, na tinutulungang gawing mas abot-kaya ang internat para sa mga karapat-dapat na sambahayan sa buong California. Ang Pilot ay nag-aalok ng diskwento sa home broadband na may pinakamababang bilis na 100/20 Mbps* at 1,280 GB ng data bawat buwan.

Anong Diskwento ang Maaari kong Matanggap?

Ang mga karapat-dapat na sambahayan ay maaaring pumili ng ISANG Opsyon sa Diskwento ng CA Lifeline:

- Hanggang \$20/buwan para sa standalone na serbisyong broadband;
- Hanggang \$30/buwan para sa naka-bundle na broadband; o
- Hanggang \$19/buwan tungo sa CA LifeLine wireline o wireless na serbisyo ng telepono

Mahalaga: Ang California LifeLine ay nagpapahintulot lamang ng isang may diskwentong serbisyo bawat karapat-dapat na sambahayan. Maaaring pumili ang mga sambahayan mula sa alinman sa diskwento ng Home Broadband Pilot o tradisyonal na diskwento sa serbisyo ng telepono sa California LifeLine, ngunit hindi maaaring sa pareho.

MAGSIMULA SA 3 MADADALING HAKBANG:

HAKBANG 1: Tingnan kung Kwalipikado Ka- Maaari kang maging kwalipikado kung sasali ka sa mga programang tulad ng Medicaid o SNAP, o matutugunan ang mga patnubay sa pagiging karapat-dapat sa kita sa California LifeLine. Bumisita sa www.californialifeline.com para sa mga detalye.

HAKBANG 2: Maghanap ng Provider- Bumisita sa californialifeline.com, i-click ang Provider Search (Paghahanap ng Provider), at ilagay ang iyong ZIP Code upang makahanap ng mga available na provider.

HAKBANG 3: Makipag-ugnayan sa Service Provider- Tawagan ang provider sa iyong lugar at ipaalam sa kanila na nag-a-apply ka para sa California LifeLine Home Broadband Pilot. Tutulungan ka nilang mag-enroll.

A valid email may be required



HUWAG KALIGTAAN! ANG ABOT-KAYA AT MABILIS NA INTERNET AY MAKAKATULONG SA IYONG MANATILING KONEKTADO, MA-ACCESS ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, EDUKASYON, O MAGTRABAHO MULA SA BAHAY



californialifeline.com



1-888-765-1577



** Hindi kasama sa standalone na broadband plan ang serbisyong voice para tumawag sa 911. Maaaring maalís sa pagkaka-enroll ang mga customer sa programa dahil sa hindi paggamit. Isang serbisyo lamang ang pinahihintulutan kada sambahayan, maliban sa mga gumagamit ng TTY na maaaring makatanggap ng diskwento sa pangalawang linya ng telepono. (GO 153-A). Maaaring magkaroon ng mga pagkagambala sa serbisyong wireless dahil sa mga kalagayan ng panahon, lugar, o puwang sa saklaw ng serbisyo. (D.12-12-038) Maaaring ilapat ang mga eksemsyon sa mga kung saan walang bilis na 100/20 Mbps. Ang ilang karapat-dapat ang kita at murang broadband plan ay maaaring hindi matugunan ang 100/20 Mbps.